

# Chapter

# One

## Toyang

*S*he was a pro at seduction, she was sure about that.

Butil-butil na ang pawis ni Antonia Azarcon at maiiksi ang hininga na halos hingalin siya. Kumakabog ang dibdib niya dahil sa anticipation at excitement habang nakatutok ang mga mata sa seksing lalaking kaharap. Sigurado rin siyang namumula ang buong mukha niya dahil ang init-init niyon.

Kinagat niya ang pang-ibabang labi bago pa may kung anong malandutay na tunog na umalpas mula roon.

She could feel strange reactions of certain parts of her body that she wouldn't even dare mention.

Shucks, she was so aroused she should be embarrassed!

“Juskolord! Parang gusto nang matunaw nang kusa ng panty ko! Ang hoooot!” hirit ng kanyang best friend mula sa tabi niya.

Ipinaalala niyon na hindi siya nag-iisang kinakantahan ng guwapong binatang bago niyang object of desire. Hindi niya sure kung ikakatuwa niya o hindi na malamang hindi lang din siya ang turned on sa lugar at sandaling iyon.

Nilingon ni Toni ang binabaeng kaibigan at binigyan ito nang masamang tingin. Defense mechanism niya iyon para hindi nito mahalatang siya man ay halos ganoon din ang reaksiyon sa napanood.

“Para ka namang kakain ng tao sa tingin mo!” asik ni Mandy o Armando Barnabas, Jr. sa birth certificate nito. “Di ko naman aagawin ’yang fiancé mo, ina-appreciate ko lang ang ka-hot-an.”

“Shh!” saway niya rito. “Baka may makarinig sa ’yo, bigla tayong kuyugin ng fans niya.”

Lumingun-lingon ito sa paligid nila sa loob ng sosyal na bar na iyon at may ininguso. “Sabagay. Iyon pa namang isang iyon, parang rabid animal na kulang na lang tumulo ang laway habang nakatitig kay Basti mo. Not that I can blame her. My gulay, ba’t naman kasi—”

Tinakpan niya ang bibig nito. “S’abing ’wag kang

maingay!” asik niya. “Manood ka na lang at tulungan mo ’kong gumawa ng paraan para makausap ko siya mamaya.”

She stared at the man on the stage who continued to sing about sugar and putting it down on him. Maharot ang tugtog na sinasabayan nito ng baritonong pagkanta saka suwabe at seksing pag-indak. Kahit siya na sumumpang hindi type ang lalaking ito ay naapektuhan.

Heck, bakit ba kasi ang landi ng lecheng ito? Para itong nakikipag-make out sa gitara sa mga galaw nito at sa mga ekspresyon nito sa mukha. It’s making her wonder if he’d look like this on their wedding night when he—

*No! Don’t go there!* sita ng kabilang bahagi ng isip ni Toni.

Huwag nang idagdag na talagang seksi ito at guwapo. He was tall, dark, and utterly yummy.

His body was lean and virile. Nakasuot lang ito simpleng plain shirt na bahagyang humahakab sa katawan nito, pantalong maong, at rubber shoes. Dahil medyo maiksi ang nabanggit na shirt, kapag itinataas nito ang kamay ay sumisilip ang washboard abs sa ilalim ng tela, producing collective gasps and sighs from the crowd.

Juskupopatawarin!

And his face! Susko, ang masculine ng tabas ng

angular na panga nito at matangos ang ilong, pero parang sa babae ang deep-set na mga matang matiim tumingin at may malalantik na pilik. And his mouth? It was gorgeous. Mamula-mulang lips at pamatay na ngiti. Pagkatapos, tumataas-taas pa minsan ang isa nitong kilay habang kumakanta.

Muli niyang kinagat ang kanyang pang-ibabang labi bago pa may umalpas na halinghing mula roon. F\*ck, bakit ba ang landi niya ngayong gabi?

Uulitin lang ni Toni for emphasis: this man was definitely skilled in the art of seduction while singing.

And he also happened to be her fiancé.

Si Toni mismo actually ay hindi makapaniwala. Siya na parang semi-modern na manang ay ikakasal sa mukhang sex god—

Parang audible na sa mismong tainga niya ang pagpreno ng utak niya. Susko, ayaw niyang magdagdag ng pagkakasala, please lang.

Anyway, iba ang sitwasyon nila ni Sebastian Aguirre. Hindi sila dumaan sa ligawan, ni hindi pa nga sila nag-usap maliban doon sa mga ingusan nila noong mga bata pa sila. Ngayong gabi lang din niya ito nakita uli matapos ang huling beses eleven years ago, so malamang hindi siya nito kilala.

Arranged marriage. *I know, right?* To this day and age, mayroon pa talagang gumagawa niyon. Pero masyado niyang mahal ang ama para tumanggi kaya

heto siya ngayon, siya pa ang makikiusap kay Basti para pakasalan siya!

Napasimangot si Toni nang mapansing may ka-eye-to-eye itong panibagong babae mula sa audience. Kanina pa nito ginagawa iyon; nagde-dedicate ng kanta, ngumingiti, kumikindat, at tumititig sa kahit sino sa audience. Maliban sa kanya. Sa loob ng five-song set ng banda nito, kahit sulyap ay di siya nito binigyan.

Hindi niya napigilan ang pagsama ng mukha. Masyado nitong niyuyurakan ang pride niya.

Bakit, ah? Pangit ba siya? Paano niya ito aakitin kung hindi naman siya tinitingnan?

“Kung makasimangot ka naman, akala mo ikaw pa ang lugi kapag nakasal kayo!”

Binalingan niya ng simangot ang kaibigan bago muling itinuon ang mga mata sa harapan. “Lugi naman talaga ako. Siya kung sakali ang first and last man sa buhay ko, samantalang malamang pang-one million six hundred seventy-three niya ako.”

“Ang taray! Parang mas accurate pa kaysa sa tally ng mga boto noong nakaraang eleksyon, ah. Grabe, ni-research mo ba ’yan?” Nakatikim ito ng kurot sa braso dahil doon. “Ouchie!” arte nito. “Nagseselos ka na ba niyan?”

“Armando!” asik na niya.

“Eto namang si Kambal, di na mabiro,” anito,

gamit ang pet name nito sa kanya kapag feeling nito ay magkamukha sila. “Anyway, ’wag mo nang isipin ang mga babae niya dati. Ang importante, ikaw na ang huli niya.”

May kiliting namuo sa dibdib ni Toni, pero agad niyang pinalis iyon.

“Let me reiterate, arranged marriage ito. *Arranged* marriage. At may expiration date ang magiging pagsasama namin kung sakaling pumayag siya sa proposal ko.”

“O, eh, di landiin mo na nga para di ka na pakawalan! Di ba nga, iyon ang rason kaya tayo nandito ngayon?”

Napangiwi siya. Iyon nga dapat ang plano. Susubukan niyang kuhanin ang atensyon ng binata at akitin ito. Kaso parang wala namang kaepe-eppekto rito ang efforts niyang mag-makeup at maglabas ng mga balikat at kaunting cleavage.

“Alam mong hindi ako marunong lumandi,” sambit niyang medyo masama ang loob. Ito ngang pagsusuot ng medyo hapit na top ngayong gabi ay ilang oras pa nilang pinagdebatehan.

“Kaya nga ’andito ako, di ba? Tuturuan kita!” Inilahad pa ni Mandy ang dalawang braso nito. “Para anupa’t malandi ako kung di ko naman maituturo sa best friend ko ang kalandian ko?”

Umirap lang ang dalaga. Noon naman eksaktong

natapos ang huling kanta sa five-song set ng bandang nasa harap nila. Ipinakilala ni Basti ang mga kasama nito sa banda, na ni hindi niya napansin kanina dahil nasa lead vocalist ang buong atensyon niya—at ng malamang lahat ng babaeng naroon.

“Thank you so much. We are *Verdict*. Good night, everyone,” anang macho nitong boses bago tumuon sa kanya ang matiim nitong tingin at tumaas ang sulok ng bibig sa isang quasi smile. Saka ito tumalikod para iwan ang stage.

Bumuka ang mga labi ni Toni kasabay ng mainit na pakiramdam. Mabilis ang tibok ng puso niya, epekto ng ginawa nito.

“Oh my, shiiit! Nginitian ka niya!” narinig niyang sambit ni Mandy. “Kumusta’ng panty mo, di pa ba tunaw?”

Nakatanggap ito ng kurot sa braso sa sinabi nito.

“Sa tingin mo, di ka niya nakilala?”

Bumuga siya ng hangin. “Hindi siguro. Thirteen lang ako n’ung huli kaming nagkita. N’on ’yung nag-migrate sila sa Oregon. Kung hindi nga ako binigyan ni Tito Dan ng picture niya, baka di ko siya nakilala ngayon.”

Magkabanda at best of friends ang tatay niyang si William at ama nitong si Dan, at kung di nag-migrate ang mga Aguirre, siguro ay lumaki sila ni Basti sa parehong subdivision at nag-aasaran.

“Juskolord, nakakaloka ’yung titig niya sa ’yo, ah! Makatunaw-undies!” patiling komento nito na ikinainit ng mga pisngi niya. “Kung di kita best friend since forever, sinabunutan na kita sa inggit ko, eh.”

Natawa na lang si Toni kahit nanginginig ang mga tuhod niya.

“Pero umamin ka, kinilig ka sa lopsided smile niya, di ba?”

Umirap si Toni kahit alam niyang alam ng kaibigan ang totoo. Mabuti na lang di na niya kailangang magpaliwanag dahil lumapit sa kanila ang isang nakaunipormeng bouncer sa bar na iyon.

“Ma’am?” untag nito sa kanya. Tumango siya. “Gusto po kayong makilala ni Mr. Basti Aguirre, kung okay lang po sa inyo. Hinihintay po niya kayo sa backstage. Ihahatid ko po kayo sa kanya kung papayag po kayo.”

Muling kumabog ang dibdib niya saka nilingon si Mandy. At the same time, umahon ang ngitngit niya. Ganito ba mang-pick up ang linsyak na iyon? Ilang babae na ang pinatawag nito matapos ma-spot-an habang kumakanta?

Ngumiti si Mandy. “Juskolord, ’wag ka nang umarte! Napansin ka na nga eh, *gora* na! Pagkakataon mo na, Inday!” Idinikit nito ang bibig sa tainga niya. “Galingan mo’ng paglalandi, ah. ’Wag mong sayangin ang efforts kong i-makeover ka. Dito lang muna ako’t



ie-enjoy ko si Kuya.” Ininguso nito ang lead vocalist ng panibagong bandang magsisimula pa lang tumugtog. Guwapo rin ito at katipo ng mga crush ni Mandy na Korean actors.

“Wish me luck,” bulong din niya rito.

“That, and love and lots of sex.”

Namula ang mukha niya.

“Sira ka! Puro ’yan talaga laman ng utak mo.

Bahala ka diyan. Te-text kita sakaling... Basta, te-text kita.” Pinisil niya ito sa braso saka kakaba-kaba pa ring sumunod sa bouncer.

Ilang curious at nang-uuring tingin ang nasalubong niya habang palayo sa kaibigan. Ewan, baka narinig ng mga ito kung sino ang nagpapatawag sa kanya. Mabuti na lang, katabi niya ang isang malaki at maskuladong bouncer. Kung hindi, baka sinugod na siya ng mga babaeng fans yata ni Basti.

At umahon na naman ang inis ni Tom. Malanding lalaking iyon.

Bigla ay may nagradyo sa kasama niya. Mukhang may nanggugulo sa labas ng bar.

“Miss, ’yun po ’yung room ni Sir Basti. Third door po. Okay lang kung hindi ko na kayo maihatid d’un? May emergency lang po,” anito.

“Oh, no problem. Ako na lang, ilang hakbang na lang naman, wala na sigurong susugod sa akin dito. Gora lang,” biro niya para pagtakpan ang kaba.

“Sige, Ma’am. Thank you.” Ngumiti ito saka siya iniwan.

Napapatitig naman ang dalaga sa pintong tinuro ng bouncer. Juskulord, kaya niya ba ito? Aakitin ba niya si Basti? O kakausapin niya na lang at pakikiusapan para pakasalan siya?

Parang di niya kayang gawin kahit alin sa dalawa. Parang gusto niyang masuka sa nerbyos. O kaya magrosaryo muna bago humakbang palapit sa pinto. Pumikit siya para simulan ang pananalangin nang mapaightad siya sa tunog ng binuksang pinto.

“Oh! There you are. Kanina pa kita hinihintay.”

Napamulagat si Toni sa machong boses na nagsalita. Namimilog ang mga matang tumitig siya sa lalaki.

Malandi ang ngising pinaraan nito ang madiing titig sa kabuuan niya bago huminto ang mga mata sa kanyang mukha.

“Come in,” anito na binuksan nang mas maluwang ang pinto.

Nag-aalangang sumunod siya rito. Muntik pa siyang mapatalon nang isara nito ang pinto sa likuran niya nang makapasok siya nang tuluyan sa silid.

“What’s your name?” sambit nito habang nakatitig pa rin sa kanya.

“Ah... A-Antonia.”

“Hello again, Antonia.”

Tumalon yata ang puso niya at umakmang lalabas ng kanyang lalamunan sa sobrang seksi ng pagbanggit ni Basti sa pangalan niyang bantot na bantot siya dati.

Susko, kung mag-palpitate ang puso niya akala mo isang truck na kape ang ininom niya imbis na juice.

